



Pambansang Koalisyon ng Kababaihan sa Kanayunan kasama ang Women in Emergencies Network

INDAY CHIKA



Vol. 002 No. 02 | October 2020 | www.fb.com/IndaySaRural at www.fb.com/WENetPhilippines

Ano ang ANTI-TERRORISM ACT of 2020?






Kilala ito sa tawag na Anti-Terrorism Law (ATL) o Republic Act 11479

- Nilalayan nito na bigyang ngipin ang kasalukuyang batas na Human Security Act of 2007 ang pagpigil ng anumang uri ng terorismo sa bansa.
- Naisampa ito bilang isang House Bill noong 30 Mayo 2020 na **inendorso ni Pangulong Rodrigo Duterte sa gitna ng matinding kahirapan dulot ng pandemya at naisabatas ito noong 03 Hulyo 2020 at naging epektibo ito noong 18 Hulyo 2020.** Sa kasalukuyan, hindi pa ito na-eeenforce dahil wala pang Implementing Rules and Regulations, pero dahil sa mga kontrobersyal na mga probisyon na nakapaloob dito ay marami talagang tumututol. Sa kasalukuyan, mayroon na itong 30 petitions na pending na sa Korte Suprema para kwestyunin ang konstitusyunalidad ng batas na ito.

Ano ang ibig sabihin ng Terorismo?

- Ang terorismo ay ginagawa ng sinumang tao sa labas o loob man ng Pilipinas na **nilalayan o "intended" na magbigay takot at magdulot ng malubhang pinsala** sa katawan ng sinumang tao, o **magbigay panganib** sa buhay ng isang tao.
- Maitatawag ding terorismo ang mga **pagtatangka o paninira ng pampublikong at pribadong lugar.**
- Nilalayan talaga nito na **magbigay takot sa mga mamamayan.**
- Madalas maiugnay ang terorismo sa mga nakaraang insidente katulad ng:
 - Plaza Miranda Bombing
 - Ipil, Zamboanga Sibugay Attack
 - Ozamis Port Ferry/Bus Bombings
 - Rizal Day Bombings
 - Super Ferry Fire Bombing
 - Marawi Siege

Checklist para mabansagang ikaw ay certified Terorista (ayon sa Anti-Terrorism Law)

-  Nanira o nagtangkang manira ng private property o pasilidad ng gobyerno
-  Pagpupulong pulong sa komunidad
-  Pagdodonate o pagtulong sa isang relief drive na hindi gobyerno o state organized organization ang naglunsad
-  Pagsama sa mga rally basta masuspetsahan na ang layunin ng pagkilos ay manakit o magdulot ng "serious risk to public safety"
-  Naglabas ka ng pahayag, sulatin, nagshare o retweet ng mga posts (kahit memes!) na kaugnay sa aktibidad ng mga terorista

Wala naman sigurong may gusto ng terorismo. Pero, bakit ba tayo dapat mabahala sa pagsasabatas ng Anti-Terrorism Law?

- Delikado ang batas na ito dahil **lumalabag ito sa karapatang pantao at sa ating konstitusyon**. Hindi malinaw ang nakapaloob sa batas. Madalas gamitin ang salitang "intended" dahil kahit ikaw ay nasuspetsahan pa lamang na isa kang terorista ay pwede ka ng hulihin o parusahan.
- **Isa itong paglabag sa ating karapatang mamahayag o freedom of expression**. Dapat din tayong mabahala dahil ninanais ng batas na ito na matakot ang mga ordinaryong Filipino na magsalita o mamuna laban sa kakulangan ng wastong tugon mula sa gobyerno. Paano kung nais lamang nating magmungkahi ng ating frustrations at isaboses ang ating mga concerns?
- **Ito'y paglabas sa ating freedom of Assembly**. Ayon sa batas na ito, maari ka na ring matawag na terorista kapag ginagawa mo ang pagpapalano, pagfacilitate ng trainings, paggawa ng mga proposals na may hangaring magbigay takot sa mga tao sa pamamagitan ng paggawa ng speeches, proclamations, statements, banners, at anumang emblems. Maski kahit naglalabas ka lamang ng saloobin mo sa social media ay maaari ka ng tawaging terorista. Kapag nangyari ito, maari i-freeze ang assets mo katulad ng accounts mo sa bangko, properties, o sa organisasyon na lebel naman ay pwedeng ipadlock ang opisina ninyo.
- **Kahit suspetsa pa lang, pwede ka ng arestuhin**. Ang ginagawa muna ay isasailalim ka sa surveillance. Sa kaso ng mga lider kababaihan sa komunidad, kukwestiyunin ang asosasyon na kinabibilangan at inaalaman ang layunin ng mga pagpupulong pulong.
- **Walang maayos na due process**. At kapag napagkaisahan ka, pwede kang hulihin kahit walang warrant. Detention ay umaabot hanggang 24 na araw without charges. At kapag napatunayang hindi ka terorista, wala silang matatanggap na penalty.

Implikasyon ng ANTI-TERRORISM LAW sa hanay ng mga KABABAIHAN

“Silence breeds violence, violence breeds impunity, and impunity breeds more violence”

- Ang pagsasabatas ng Anti-Terrorism Law ay isang patunay sa **“human rights disaster in the making”**. Noon pa na wala pang COVID-19 pandemic, matagal na tayong naterrorize ng ating pamahalaan. Araw-araw tayong nakararanas ng pang-aatake laban sa ating mga kababaihan. Sa gitna ng paghihirap, walang kabuhayan at talagang hindi pa tayo nakakabangon sa haguipit ng COVID-19 pandemic ay nababalot tayo ng takot dahil maari na tayong masuspetsahan na terorista sa ating pagiging bokal sa mga usaping panlipunan. **Malinaw na banta ito sa karapatang pantao dahil nililimita nito ang karapatang magsalita at kawalan ng kalayaan ihayag ang sarili.**
- **Hindi ito napapanahon sa sitwasyon natin ngayon** na ang kailangan ng mga tao ay serbisyong pangkalusugan at pang-ekonomiya at hindi serbisyong militarismo.
- **Hindi malinaw ang mga probisyon at maaring maging dahilan ng maraming pang-aabuso.**
- **Matatakot na ang mga tao magsalita, magbigay ng puna, lumabas at makilahok sa mga gawain.** Sa halip, nagbibigay sandata pa ito sa mga kapulisan at military para mapalawak ang layunin at intensyon nila. Nagbibigay ito ng karagdang kapangyarihan na gamiting sandata ang batas at maabuso ito sa kanilang pampersonal na benepisyo. Malinaw na pag-atake ito sa ating karapatan at nais nila tayong manahimik pero iba na ang impact kapag ang pangtatahimik ay batas na at nanggaling sa Presidente. **Isa na itong uri ng state violence na ipinapalaganap sa buong bansa.**
- **Madalas mainit sa mata** ang mga environmentalists, mga kababaihan na community leaders, mga magsasaka, katutubo, at mga human rights defenders na inaatake at ang nakakalungkot ay may mga napapaslang na mula sa mga hanay na ito.

Paano naipasa ang batas na ito? Parang gusto lang tayong igapos at busalan ang bibig ng mga tao para tumahimik nalang...

- **Sa simula pa lang, hindi na naging transparent o malinaw ang ating gobyerno.** Bigla na lang siya sumulpot at naipasa sa kongreso ng hindi napagdiskusyunan. **Ginamit ang pagkakataon na abala lahat ng tao sa COVID-19 pandemic at iminadaling ipinasa at isinabay sa kaguluhan. Hindi siya ibinukas sa publiko** at ngayon ay nagulat na lamang ang lahat kaya marami ang nagpetition laban sa pagsabatas ng ATL.
- Isa rin sa dahilan kung bakit naisabatas ito ay dahil isa itong requirement para madali makapangutang ang bansa. Hinahanap ang ganitong polisiya ng mga international funders na may nakapaloob sa usaping anti-terrorism. Nakakalungkot isipin na lumulobo na ang ating utang na hindi natin nararamdaman dahil mas pinaglalaanan pa ang pagbili ng mga armas at


sasakyang pandigma, habang nakakaranas ng krisis pang-ekonomiya ay pangkalusugan ang mga mamamayan.

Nakapaloob ba sa batas na may PROGRAMANG PANGKABUHAYAN na ibibigay? Dahil may mga nagsasabi ka kapag nagvoluntary surrender ka ay bibigyan ka ng kabuhayan. Una sa lahat, mali ang mga paratang nila na ako'y terorista at sa aking pagrarily at pagbabahagi ng saloobin. Ang mga ito ay natural lamang na gawin dahil iyon ang aming karapatan.

- **Walang sinasabi sa batas tungkol sa voluntary surrendering.** Kung tutuusin, wala siyang social economic intervention at puro pagpaparusa at police measures lamang ang nilalaman ng batas na ito. Kaya **walang katotohanan ang nagsasabing may ibibigay na ayuda kapag ikaw ay pinaparatangan na terorista at pinapasuko.**

Ano ang dapat nating gawin? Paano natin mapoprotektahan ang ating mga sarili? Lalo na talamak ang pagpopost o maglabas ng hinaing sa social media?

- Magpatuloy sa pakikibaka, pag-oorganisa at pagkakaisa. Huwag tayong titigil sa ating nasimulang pagkilos. Sa simula pa lang ay inaatake na tayo ng iba't ibang klaseng paninira, pambabastos, kawalan ng respeto sa ating karapatan at dignidad. Kapag hindi ka magsasalita mas lalong lalaganap at lalala ang karahasan at pang-aabuso dahil nawawala na ang liability at accountability ng ating pamahalaan.
- Mayroon tayong 1987 Constitution na pinakamataas na batas sa lahat. Ginagamit natin itong batas na ito para protektahan ang ating mga karapatan at ipagtanggol ang ating mga sarili. Matinding karahasan ang nararanasan natin dahil ang estado mismo ang kumakalaban at nagnanais ng pag-atake sa atin.
- ATL should not stop us, not silence us. Walang masama kung isulong natin ang katarungan. Basta patuloy lang ang pagtutulungan at magsama-sama. Kailangan natin maging mapagmatiyag sa ating kapaligiran at manatiling maalam sa mga nangyayari. Maging aktibo sa gawain sa komunidad at patuloy lang sa paglahok sa mga trainings at online sessions.



Mga Panawagan:

- No to #RedTagging, Yes to #RedLipstick!
- Resist Dictatorship
- Abolish #ATL

Maraming salamat sa aming funding partners:

act:onaid

Australian Aid 



Women Lead
in Emergencies